JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Masunod sa Hustong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan- Modyul 4: Ang Pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Mary Jessceth B. Magcanta

**Editor:** Genevieve Bael

**Tagasuri:** Florence S. Gallemit

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:**

**Tagapamahala:** Isabelita M. Borres, Ed.D – Regional Director
Eugene B. Penales, Ed.D- CLMD Chief
Sonia D. Gonzales, Ed.D - EPS In Charge of LRMS
Sonia D. Gonzales, Ed.D - Regional ADM Coordinator
Ella Grace M. Tagupa, Ed.D - CID Chief
Jephone P. Yorong, Ed.D - Division EPS In Charge of LRMS
Jephone P. Yorong, Ed.D - Division ADM Coordinator



## Alamin

Sa araw na ito, ating inaasahang at gawing nakalaan para sa araling ito:

Pagkatapos ng modyul, ikaw ay inaasahang:

- Naipapaliwang ang resulta ng pananakop ng mga Amerikano



## Balikan

Panuto: Pumili ng sagot sa kahon at ilagay sa patlang bago ang bilang.

| Mga Programa ni Pangulong Quezon |
|---|
| Constitutional Convention (1935) |
| Tydings – McDuffie Law (1934) |
| Hare- Hawes- Cutting Law (1932) |
| Misyong OSROX (1931) |

_______________ 1. Isa sa mga misyong pangkalayaan na ipinadala ng Pambansang Asamblea sa Estados Unidos upang mahikayat ang mga Amerikano na bigyan ng ganap na kasarinlan ang Pilipinas. Pinamunuan ito ni Sergio Osmena at Manuel Roxas.

_______________ 2. Sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt,sa programang ito ang Pilipinas ay nagkaroon ng kalayaang pangloob ngunit walang karapatang diplomatiko.

_______________ 3. Batas pangkalayaanna sinuportahan ng Misyong OSROX. Tinutulan ito ng Pambansang Asamblea dahil sa probisyon sa pagtatag ng base-militar mandarayuhan sa Amerika.

_______________ 4.Alinsunod sa probisyon ng Batas Tydings – McDuffie bumabalangkas ng saligang batas ang mga Pilipino sa pamumuno ni Claro M. Recto noong Pebrero 8, 1935.

_______________ 5. Batas pangkalayaan ni sinuportahan ng Misyong Quezon. Ayon sa probisyon nito, matatamo ng Pilipinas ang kalayaan matapos ang 10 taon sa ilalim ng pamahalaang komonwelt, pagbuo ng saligang batas at paghahalal ng mga pinuno ng pamahalaang komonwelt.

| Aralin 4 | Pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas |
|---|---|



**Tuklasin**

Nang sakupin ng Estados Unidos ang Pilipinas, napaniwala nila ang mga Pilipino na ang layunin nila ay matulungan ang bansa para maging Malaya mula sa Espanya.

Ang United States noong panahong ito ay nagsimula na ring magpalawak ng kaniyang kolonya. Para maisakatuparan ang layunin nitong makilala bilang isang pwersang panndaigdig, kinakailangan nitong magkaroon ng isang kolonya. Narito ang mga sumusunod na dahilan ng pananakop ng United States sa Pilipinas. Naghahanap ito ng bansang:

1. Mapagkukunan ng mga hilaw na materyales
2. Mapagdadalhan ng sobrang produkto at capital
3. Magsisilbing base sa pagpapalawak ng kaniyang kapangyarihan sa Asia Pacific

- Nagtatag pa sila ng base-militar upang pangalagaan at protektahan ay kanilang kalakal sa Asya at Pasipiko.
- Nabunyag ang tunay na layunin ng mga Amerikano sa Pilipinas ng lumitaw ang kasunduan sa Paris sa pagitan ng Amerika at Espanya sa nilagdaan noong Disyembre 10, 1898.
- Hindi isinama ang mga Pilipino sa kasunduan. Sa kabila ng mahigpit na pagtutol ng mga Pilipino sa nilalaman ng kasunduang ito.

**3 ang naging pangunahing dahilan ng pananakop ng Amerikano sa Pilipinas:**

1. Layuning Politikal – upang mapalawak ang lupaing sakop at magsimula ng bagong Pilipinas; at upang makapagtatag ng base-militar dito sa Pilipinas dahil sa istratehiyang lokasyon nito (dahil ang Pilipinas ang itinuturing na "Doormat of Asia".

2.Layuning Pang-ekonomiya – upang makapagpatatag ng mga pamilihang Amerikano at mapagkunan ng mga hilaw na sangkap at gawaing bagsakan ng mga tapos na produkto ng bansa.

3. Layuning Pangrelihiyon – upang mapalaganap ang Protestantismosa kalakhang-Asya at pahingahan din ng mga misyonero.

May mga una at pagbabagong naganap sa pang-edukasyon, relihiyon,arkitektura, sining at panitikan, at sa pang-transportasyon at komunikasyon.

**Edukasyon**

•Ang mga Thomasites ang mga naging unang guro na ipinadala ng Estados Unidos sa Pilipinas. Sila ang dumating noong Agosto 23, 1901 sakay ng barkong S.S. Thomas. 600 ang bilang ng mga Thomasites na dumating at nagsilbing guro ng mga Pilipino.

**Relihiyon**

- Nabigyang kalayaan ang pagsamba ng mga Pilipino.
- Naitatag ang iba't-ibang relihiyon.
- Ipinakilala ang mga Amerikano ng relihiyong Protestantismo.

Itinatag ni Padre Gregorio Aglipay ang Iglesia Filipina Independiente na nagpakilala na sa pagiging makabayan ng mga paring Pilipino. May pagkakahawig sa simbahang katoliko ngunit hindi kinikilala ng Papa sa Roma.

**Arkitektura**

- Maraming mga nagagandahang mga gusali ang naipatayo sa pamamalagi ng mga Amerikano sa ating bansa. Disenyong neoclassical ang ginamit ng mga Amerikano sa mga gusaling kanilang itinayo sa bansa. Bakal at semento ang ginamit na pundasyon sa mga gusali kaya kilalang matibay at matatag ang mga gusali sa panahon ng mga Amerikano.

**Sining at Panitikan**

- Maraming akda tulad ng tula at mga nobela ay naisulat ng mga kababayang Pilipino natin sa wikang Ingles na hanggang ngayon ay nababasa pa din.
- Namihasa ang mga Pilipino sa mga babasahin tungkol sa kasaysayan ng Amerika maging sa kanilang panitikan. Nabigyang-sigla ang panitikang tagalog.

**Transportasyon at Komunikasyon**

- Nagpagawa ng mga daan at tulay ang mga Amerikano para paunlarin ang kabuhayan sa bansa.
- Ipinakilala ang mga makabagong sasakyan tulad ng bus, awtomobil, trak at eroplano at ang panibagong kagamitang pangkomunikasyon tulad ng telepono, radio at telegram.



## Suriin

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Sino ang mga Thomasites? Anong uri ng edukasyon ang ibinigay ng mga Amerikano sa mga Pilipino?

______________________________________________________________________

2. Ano ano ang mga naging pagbabago sa edukasyon sa panahon ng pamamahala sa panahon ng mga Amerikano?

______________________________________________________________________

3. Ilarawan ang komunikasyon at transportasyon sa bansa sa panahon ng mga Espanyol.

______________________________________________________________________

4. Ano ang naging kontribusyon ng mga Amerikano sa pagpapaunlad ng komunikasyon? Ng transportasyon?

______________________________________________________________________

5. Ano ang naging epekto ng mga pagbabagong ito sa pamumuhay ng mga Pilipino

______________________________________________________________________



## Pagyamanin

Gawain I . Basahin ang bawat sitwasyon at hanapin sa kahon kung saan nabibilang ang mga pagbabagong naganap noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano. Isulat ang sagot sa patlang.

| |
|---|
| Relihiyon<br>Estraktura<br>Komunikasyon at Tranportasyon<br>Edukasyon<br>Sining at Panitikan |

______________ 1. Protestantismo ang relihiyong ipinakilala ng mga Amerikano sa mga Pilipino.
______________ 2. Telepono, radio at telegram ang makabagong kagamitang ginagamit sa pangkomunikasyon.
______________ 3. Bakal at semeto ang ginamit na pundasyon sa mga gusali.
______________ 4. Dito unang nagsimula ang pangkomersyong eroplano.
______________ 5. Nabigyang-sigla ang panitikang tagalog.
______________ 6. Itinatag ni Padre Gregorio Aglipay ang Iglesia Filipina Independiente.
______________ 7. Maraming akda tulad ng tula at mga nobela na naisulat na hanggang ngayon ay nababasa pa rin.
______________ 8. Naisagawa ang mga daan at tulay upang mapaunlad ang kabuhayan sa Pilipinas.
______________ 9. Disenyong neoclassical ang ginamit ng mga Amerikano sa mga gusaling kanilang itinayo.
______________ 10. Ang mga thomasites ang mga nagging unang guro na ipinadala ng mga Amerikano sa bansa.

Gawain II Panuto: Itambal ang mga bagay sa hanay B na tumutugma sa mga paglalarawan sa hanay A.

| A | B |
|---|---|
| 1. Tawag sa mga guro noong panahon ng mga Amerikano | a. telepono at radio |
| 2. Uri ng komunikasyon | b. Protestantismo |
| 3. Relihiyon dinala ng mga Amerikano | c. Disenyong Neoclassical |
| 4. Transportasyon | d. Thomasites |
| 5. Uri ng gusali | e. Eroplano |

Gawain III. Tukuyin ang mga nakasaad sa pangungusap. Isulat sa patlang ang totoo kung ang pangungusap ay nagsasaad ng totoong nangyayari at kuro-kuro kung ito naman ay maling paniniwala lamang.

___________ 1. Para sa mga Pilipino, maganda ang maputi kaysa sa kayumanggi ang balat.
___________ 2. Mas matibay ang mga gawang US na sapatos kaysa sa mga gawang-pinoy.
___________ 3. Matatalino ang mga Pilipinong nakapagsalita ng Ingles.
___________ 4. Ang mga fast food chain kagaya ng Jollibee ay pinauso ng mga Amerikano.
___________ 5. Magiging mayaman ka kapag tumira ka sa Amerika.



## Isaisip

Panuto: Punan ng tamang sagot ang bawat patlang sa pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Pinaniwala ng mga Amerikano ang mga Pilipino na ang layunin nila ay ______________________________ nang sakupin nila ang Pilipias.
2. 3 dahilan ng pananakop ng United States sa Pilipinas:

a. ____________________________________________________

b. ____________________________________________________

c. ____________________________________________________

3.Nagtatag pa sila ng ______________________ upang pangalagaan ang kanilang kalakal sa Asya at Pasipiko.

4. Itinuturing na _______________________ ang Pilipinas dahil sa istratihiyang lokasyon nito.

5. Noong ____________________ nabunyag ang tunay na layunin ng mga Amerikano sa Pilipinas ng lumitaw ang kasunduan sa Paris sa pagitan ng Amerika at Espanya.



## Gawain

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

1. Sa iyong palagay, dapat bang patuloy tayo na maging bihasa sa wikang Ingles? Pangatwiran.

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_________________________________________________

2.Anu-ano kaya ang mga nagiging reaksyon ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Amerikano sa bansa?

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_________________________________________________

3. Ano ano ang mga mabubuting kontribusyon ng mga Amerikano sa edukasyon sa Pilipinas?

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_________________________________________________

4.Nabanggit sa araling ito na ang isa sa dahilan ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas ay ang layuning pang-ekonomiya upang makapagtatag ng mga pamilihang Amerikano at mapagkunan ng mga hilaw na sangkap at gawaing bagsakanng mga produkto ng bansa, kung nais mong bumili ng 5 produkto na gawa ng mga Amerikano, ano-anu ang mga ito? Maglista ng lima at ipaliwanag kung bakit ito ang iyong mga napili.

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_________________________________________________

5.Sa iyong palagay, ano ang naidulot ng panahon ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas? Nakabuti ba ito o hindi? Bakit?

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_________________________________________________



# Tayahin

A. Basahin at suriin ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang Tama o Mali sa bawat patlang.

________1. Ang interes ng Amerikano sa Pilipinas ay itinago sa patakarang malayang kalakalan.
_________2. Relihiyon ang pinakamahalagang institusyon sa ilalim ng pamamahala ng mga Amerikano.
________ 3. Pamahalaang militar ang unang pamahalaang itinatag ng mga Amerikano sa Pilipinas.
________4. Napalawak ng edukasyong Amerikano ang tradisyunal na papel ng kababaihan sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa pangangalaga ng bahay at pamilya.
_________5. Ang Unang Komisyong Pilipino na inatasan ni Pangulong McKinley na mag-imbestiga sa kalagayan ng Pilipinas ay nagbigay ng kapaki-pakinabang na rekomendasyon tungo sa ikagagaling nito.
_________6. Ang mga patakarang pangkabuhayan na ipinatupad ng mga Amerikano ay naging daan ng pagbubukas ng pamilihang Pilipino sa ibang bansa sa mundo.
_________7. Ang Batas Torrens ay nag-alis ng karapatan sa mga katutubong Pilipino na linangin ang sariling lupain.
_________8. Ang patakarang agraryo na ipinatupad ng mga Amerikano ay naging daan sa pagbili at pamamahagi ng mga dating lupang pag-aari ng mga Kastilang Prayle.
_________9. Ang Parity Rights ay kasunduang nabuo sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano na nagbigay ng karapatan sa mga Amerikano upang linangin ang ating mga likas na yaman.
_________10. Ang patakarang Benebolenteng Asimilasyon ay nagsasaad ng tunay na pagtulong at paggabay ng mga Amerikano sa mga Pilipino.

B.Basahing mabuti ang mga sumusunod na katanungan at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Bumuti ang sistema ng pamahalaan, edukasyon, komunikasyon, transportasyon at kalusugan ng mga Pilipino sa panahon ng ______.
   a. Amerikano c. Espanyol
   b. Hapon d. d. Tsino
2. Ano ang sistemang pangrelihiyon ng mga Amerikano?
   a. Pagtangkilik sa protestantismo ng mga Pilipino
   b. Pagtatag ng relihiyong katoliko
   c. Malayang pagsamba sa anumang uri ng relihiyon
   d. Pagsa-walang bahala sa relihiyon
3. Ano ang naging epekto sa pamumuhay ng mga Pilipino sa pagdala ng mga makabagaong sasakyan?
   a. Naging mayabang ang mga Pilipino
   b. Bukod sa napabilis ang ugnayan sa mga pamayanan at karatig bansa, umunlad din ang sistema ng pangkabuhayan lalo na ang pangangalakal ng mga produkto nito
   c. Nagpaalipin ang mga Pilipino para makamit ang mga ito
   d. Namigay ng libreng sasakyan ang mga Amerikano
4. Ano ang naging magandang programa ng pamahalaang Amerikano para sa mga kabataan?
   a. Hanapbuhay
   b. Libreng edukasyon
   c. Paghimok sa mga ito na sumali sa hukbong sandatahan ng mga Amerikano
   d. Ginawang alipin ang mga kabataan
5. Ano ang pinakamahalagang ipinamamamahagi sa atin ng mga Amerikano?
   a.Teknolohiya
   b.Relihiyon
   c.Pangkabuhayan
   d. Edukasyon

## Karagdagang Gawain

Sa isang buong papel, sumulat ng isang maikling sanaysay na nagpapaliwanag sa resulta ng pananakop ng mga Amerikano.

## Susi sa Pagwawasto

**Pagyamanin**

**Gawain I**

1. /
2. x
3. x
4. x
5. /

**Gawain II**

1. tama
2. mali
3. tama
4. tama
5. mali
6. tama
7. mali
8. mali
9. tama
10. mali

Isaisip

1. Matulungan ang bansa para maging Malaya mula sa Espanya
2. Layuning Pulitika, Ekonomiya, Pangrelihiyon
3. Base-militar
4. Doormat of Asia
5. Disyembre 10, 1898

Tayahin

A.

| | |
|---|---|
| 1. Tama | 6. Tama |
| 2. Mali | 7. Tama |
| 3. Tama | 8. Tama |
| 4. Mali | 9. Tama |
| 5. Mali | 10. Mali |

B.

1. a
2. a
3. b
4. b
5. d

**Saguniian**

Pilipinas: Bansang Papaunlad (Batayang Aklat) Heograpiya, Kasaysayan at Sibika Ika-6 na Baitang, pahina 179-194

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.